ACTION Philippines

MATI BAPTIST HOSPITAL

CHILD CARE HEALTH CARE AND NUTRITION LIVELIHOOD EVANGELISM SANITATION

CHANGES

Alang sa Maayong Panglawas ug Kinabuhi

Paso

Book 3



makatuwid baga'y ang Anak ng tao, na nasa langit.

14. At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng tao;
15. Upang ang sinomang sumampalataya ay magkaroon sa kaniya ng buhay na walang hanggan.
16. Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.
17. Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya.

John 11:27 Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon: sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo ang Anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang naparirito sa sanglibutan.

Psalms 51:10 Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko.

Ang Dating Biblia Philippines Bible Society (1905), Tagalog (Philippines National Language) Bible is Recognized by its Title (*Ang Biblia*) or (*Ang Dating Biblia*) Typed From the *Ang Biblia* Tagalog, by Richard und Dolores Long.

Ang Espiritual na Kapanganakan sa Pamamagitan ng Pananampalataya sa Ating Panginoong Hesukristo.

John 3

1. May isang lalake nga sa mga Fariseo, na nagngangalang Nicodemo, isang pinuno ng mga Judio:
2. Ito rin ay naparoon sa kaniya nang gabi, at sa kaniya'y nagsabi, Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios; sapagka't walang makagagawa ng mga tanda na iyong ginagawa, maliban na kung sumasa kaniya ang Dios.
3. Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios.
4. Sinabi sa kaniya ni Nicodemo, Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na? makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan ng kaniyang ina, at ipanganak?
5. Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios.
6. Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga.
7. Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli.
8. Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig mo ang kaniyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, at kung saan naparoroon: gayon ang bawa't ipinanganak ng Espiritu.
9. Sumagot si Nicodemo at sa kaniya'y sinabi, Paanong pangyayari ng mga bagay na ito?
10. Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Ikaw ang guro sa Israel, at hindi mo nauunawa ang mga bagay na ito?
11. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ang nalalaman namin ay sinasalita namin, at ang aming nakita ay pinatototohanan namin; at hindi ninyo tinanggap ang aming patotoo.
12. Kung sinabi ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa lupa at hindi ninyo pinaniniwalaan, paanong paniniwalaan ninyo kung sabihin ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa langit?
13. At walang umakyat sa langit, kundi ang nanggaling sa langit, sa

Paso

Mga Dahilan ng pagkapaso:

Apoy
Mainit na tubig o mantika
Mainit o nakakapasong bagay

Kung malaki o malalim ang paso ito'y delikado. Kadalasan ang mga bata ang napapaso dahil hindi nila alam kung anong mangyayari.

Maiiwasan ang mapaso kung matuturuan ang mga bata:

Na huwag lumapit sa apoy
Huwag maglaro ng posporo
Huwag Lumapit sa gasera/lampara

Dalhin ang Pasyente sa Ospital Kapag:

1. 1. Ang paso ay nasa ikatlong antas (3rd Degree) o grabe.
2. 2. Kung ang paso sa may edad na ay nasa ikalawang antas (2nd Degree) at kasinlaki ng 2 kamay kung pagsasamahin.
3. Sa mga bata, kung ang laki sa paso sa ikalawang antas ay sinlaki ng 1 kamay/palad.
4. Kung ang bata ay wala pang 1 taon ang edad at ang laki ng paso na nasa ikalawang antas ay sinlaki ng kamao.
5. Kung may palantandaan ng impeksyon sa anumang klase o antas ng paso.

Unang antas ng paso

Namumula ang balat na napaso
Walang sugat ang balat

Anong dapat gawin

Hugasan at sabunin ang mga kamay ng malinis na tubig habang 'di pa ginagamot ang napaso.

Ilubong sa malamig at malinis na tubig ang napaso.

Siguraduhing malinis ang paligid ng napaso.

Huwag maglagay ng kung anuman sa napaso.

Mga Bagay na Dapat Gawin sa Paggamot sa Napaso

1. Hugasan at sabunin muna ang mga kamay ng malinis na tubig.
2. Para sa paggamot, gumamit ng malinis na tela na pinalamig pagkatapos pakuluan ng tubig.
3. Painumin ng maraming tubig ang pasyente.
4. Kailangan na malinis ang napaso at ang paligid nito.
5. Kung may mapansin na tanda ng impeksyon, dalhin agad sa ospital.
6. Balutin ng malinis na tela.





Pangalawang Antas ng Paso

Namumula ang balat at may mga butling-butlig na nagtutubig ang tuwag dito ay lapnos.

Anong Dapat Gawin

Hugasan at sabunin ang mga kamay ng malinis na tubig habang 'di pa ginagamot ang napaso.

Huwag galawin at tusukin ang nagtutubig.

Kung ang balat ay may sugat o lapnos hugasang maigi at sabunin ng pinakuluang tubig na pinalamig ng konti.

Huwag tusukin ang nagtutubing, patuyuin ito na walang butas o sugat.

Siguraduhing malinis ang paligid ng napaso.

Ingatan ay ilayo ang sugat sa mga dumi, alikabok, langaw o anumang insekto.

Pagatlong Antas ng Paso

Ito ang klase ng napaso na nangingitim ang paligid na parang uling. Ang laman at balat nito ay nasira o nabulok. Minsan ang buto ay nakikita na. Dahilan upang matuyuan ng tubig ang katawan na minsa'y nakakakaba at nakamamatay.

Anong Dapat Gawin

Hugasan at sabunin ang mga kamay ng malinis na tubig habang hindi pa hinahawakan o ginagamot ang napaso.

Balutin ang napaso ng malinis na tela na binasa ng mainit na tubig na nilagyan ng konting asin. Kailangang malinis ang tela at medyo basa. Huwag hayaang matuyo ang tela na nakabalot sa napaso.

Painumin ng maraming tubig na may konting asin, 1 tansant asukal sa 1 basong tubig. Pwede rin ang kalamansi.

Dalhin agad ang taong napaso sa ospital.